

# Pagsusuri ng Leksikong Kultural sa Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo

Jona L. Ramboyon<sup>1</sup>, Medelyn M. Montenegro<sup>2</sup>

<sup>1</sup>Instructor I, Department of Languages, North Eastern Mindanao State University

<sup>2</sup>Professor II, Department of Languages, North Eastern Mindanao State University

## Abstract

This study aims to present the cultural lexical terms of the Tandaganon and Kamayo languages based on fishing, farming, blacksmithing, and driving. This research uses a qualitative research design. It is grounded in Ethnolinguistic Theory, and Lexical Approach Theory. The informants of the study are elderly residents aged seventy (70) years and above from the community who are fluent in the language and knowledgeable about vocabulary words due to their age and experience in using their native language. An interview guide was used to gather data from the informants. To capture the essence of the words, the researcher used a video recorder to document the pronunciation differences. The recordings were carefully reviewed and transcribed. After gathering data, it was discovered that there are more similarities than differences in the terminologies used by Tandaganon and Kamayo speakers. However, there are still certain terms that differ despite sharing the same meanings and similar ways of life. It was proven that even within the same province, geographic location causes variation in the terminology used in daily communication. Therefore, it is important to recognize and value each language, such as Tandaganon and Kamayo. In line with these conclusions, the researchers recommend that more studies about languages be conducted in the future.

**Keywords:** Cultural lexicon, Tandaganon, Kamayo

## Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong maipakita ang mga leksikong kultural na katawagan ng wikang Tandaganon at Kamayo batay sa pangngisda, pagsasaka, pagpapanday, at pamamasada. Ang pananaliksik na ito ay ginagamitan ng disenyong kwalitatibo na pag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Ito ay Ethnolinguistic Theory, at Lexical Approach Theory. Ang mga impormante ng pag-aaral ay binubuo ng mga matatandang residente na nasa edad pitong pu't (70) taong gulang pataas sa komunidad na bihasa sa paggamit ng wika at alam ang mga bokabularyong salita dahil sa kanilang edad at karanasan sa paggamit ng kanilang sariling wika. Ginamit ang gabay na talatanungan sa pakikipanayam sa mga impormante. Sa hangaring makuha ang diwa ng mga salita, gumamit ang mananaliksik ng video recorder upang mairekord ang mga salita batay sa pagkakaiba ng pagbigkas ng mga salita. Papakinggan muli ng mananaliksik at ilalapat sa papel. Matapos ang pangangalap ng mananaliksik, natuklasan na higit na mas marami ang pagkakatulad na terminolohiya na gamit ng Tandaganon at Kamayo ngunit makikita dito na mayroon silang pagkakaiba na mga katawagan o salita na ginagamit ngunit iisa ang kahulugan kahit pareho ang kanilang pamumuhay. Napatunayan lamang na kahit iisa lamang ang lalawigan na sakop nito pero dahil heograpikong lokasyon ay nagkakaiba ang mag terminolohiyang ginamit sa pang-araw-araw na

pakikipagkomunikasyon. Samakatuwid, mahalaga na malaman at pahalagahan ang bawat wika katulad ng wikang Tandaganon at Kamayo. Kaugnay ng mga konklusyon na nabanggit, inirekomenda ng mga mananaliksik na mas mapadami pa ang pagsasagawa ng pag-aaral tungkol sa wika.

**Mga Susing Salita:** Leksikong kultural, Tandaganon, Kamayo

## 1. Introduksyon

Ang wika ay salamin ng kultura sa pagkakakilanlan ng bawat isa. Ito ay nagbabago sa paglipas ng panahon at naglalarawan sa pang-araw-araw na ginagawa ng tao. Malaki ang tungkulin na ginagampanan ng wika at kultura sa paghubog ng identidad ng bawat mamamayang naninirahan sa isang multilingguwal na bansa, ang bansang Pilipinas. Dulot ng heograpihong baryasyon sa bawat rehiyon dahil sa iba't ibang barayti nito. Ginagamit ang wika sa lahat ng aspeto ng komunikasyon lalong lalo na sa edukasyon. Dahil pagtamo ng pagkatuto at pagtuturo, ang wika ay siyang sandata sa pagpapalalim ng kahalagahan sa kultura sa pagbuo ng isang salita o leksikon na naghahatid ng malawakang kaalaman sa bawat kahulugan nito. Malaki ang papel na ginagampan ng wika sa paglalapat ng mga bokabularyong salita sa pangunahing wika at sa pinagmulan nito. Sa pag-aaral na ito, layunin ng mananaliksik na suriin ang leksikong kultural sa lalawigan ng Surigao del Sur.

Sa pananaliksik ni [1] Augusto Jr. (2019), tinuran niya na ang wika ay nakabatay sa lugar kung saan ito nabubuhay at umiiral. Nabubuo rin ang wika batay sa gawi, sining, pangangailangan, tradisyon at paniniwala ng isang lugar. Ang pagkakaiba rin sa kulturang umiiral ng bawat lugar ang isa sa mga dahilan ng pagkakaiba sa kahulugan ng mga salita. Ang pagkabuo ng mga salitang ito ay tinatawag na leksikong kultural. Bahagi ng estruktura ng wika ang pag-aaral ng pagbuo ng mga salita ng isang partikular na wika. Itinuturing din itong estruktura ng salita sapagkat sa bahaging ito pinag-aaralan at inilalarawan ang wastong pagkakaugnay-ugnay ng mga tunog hanggang sa makabuo ng isang makabuluhang salita na may taglay na natatanging kahulugan [7] (Samarca, 2023).

Sa pananaliksik na ito ay pag-aaralan ang mga piling wika ng Surigao del Sur, ang wikang Tandaganon sa lungsod ng Tandag at Kamayo sa mga karatig na lugar ng Marihatag, San Agustin at Bislig. Susuriin at itatala ang leksikong kultural sa nilalaman ng salita sa pagkakaiba ng pagkakatulad nito. Upang magkaroon ng mas malalim na koneksyon sa kasaysayan sa mga bokabularyong salita Ito ang nag-udyok sa mananaliksik na maitala at masuri ang leksikong kultural sa pagbibigay halaga sa mga katutubong wika at kamalayan sa mga mag-aaral na kahit maraming bagong wika ang umusbong nananatili pa rin ang mga bokabularyong salita upang hindi mawala at magamit pa sa susunod na henerasyon.

Mahalaga ang pag-aaral na ito sa pagpapalalim at pagmamahal sa katutubong wika. Naipapamalas nito ang angking ganda ng wika batay sa pagbigkas at kahulugan nito. Tungo sa pagtuturo naipapakita nito ang iba't ibang gamit ng salita sa wastong gamit at nailalahad ng maayos ang bawat salitang ituturo na magagamit sa pang-araw-araw na pakikisalamuha sa kapwa. Mahalaga din na magkaroon ng matatag na sandigan sa edukasyon lalo na sa asignaturang Filipino na mapanatiling buhay ang kultura at wika na makabuo ng bagong pag-aaral sa pagpapalawak kaisipan sa pagiging makabayan dahil sa pagpapahalaga sa wika. Upang hindi makalimot sa kasaysayang pinagmulan ng salita batay sa identidad ng bawat lalawigan ng bansang Pilipinas partikular sa Surigao del Sur.

### 1.1 Kaligirang Teoritikal

Mayroon dalawang teoryang pinagbabatayan sa pag-aaral. Ito ay Ethnolinguistic ni Sapir bilang pangunahing teorya. Bukod dito gagamit din ng Lexical Approach ni Lewis upang higit na maunawaan

at mapalalim ang kahalagahan ng leksikong kultural sa pagtuturo.

Sa teoryang Ethnolinguistic ni [8] Sapir (1929), ang bawat wika ay nagdadala ng natatanging karanasan sa lipunan at kultura ng mga tagapagsalita nito, hinuhubog ng kanilang kapaligiran, kasaysayan, at estrukturang panlipunan. Naniniwala si Sapir na ang wika ay hindi lamang kasangkapan ng komunikasyon kundi isang salamin ng pananaw sa mundo, tradisyon, at kulturang praktis ng isang etnikong grupo. Sa pagsusuri ng leksikon, hindi lamang tinatala ang mga salita kundi sinusuri rin ang mga nakapaloob na kultural na katawagan sa mga kahulugan na nagpapalalim sa pagkakakilanlan ng mga piling lugar ng Surigao del Sur. Pinagbabatayan din ang Lexical Approach Theory ni [3] Lewis (1993) na ang pagkatuto ng wika ay binibigyang-diin ang kahalagahan ng mga leksikal na yunit hindi lamang sa mga indibidwal na salita kundi pati na rin ang mga parirala, kolokasyon, at ekspresyong karaniwang ginagamit sa komunikasyon.

## 2. Metodolohiya

### 2.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptibong kwalitatibong disenyo upang obserbahan, idokumento, at ilarawan ang isang penomenona na nagaganap sa natural nitong kalagayan nang walang anumang manipulasyon o kontrol [9] Shinija (2024). Ang desinyong ito ay upang mailarawan at masuri ang leksikong kultural ng mga wika ng Tandaganon at Kamayo. Layunin ng pag-aaral na matukoy ang mga kultural na yunit sa wika at suriin kung paano nito naipapakita ang pamumuhay ng mga komunidad na ito. Ang deskriptibong disenyo ay nagbibigay-daan sa masusing pag-aaral ng mga leksikal na yunit sa natural na konteksto ng mga impormante.

### 2.2 Mga Impormante ng Pag-aaral

Ang pag-aaral ay isasagawa sa mga lugar na pangunahing sinasalita ang mga wikang Tandaganon at Kamayo, partikular sa mga lugar ng Tandag, Marihatag, San Agustin at Lianga. Ang mga impormante ng pag-aaral ay binubuo ng mga matatandang residente na nasa edad pitong pu't (70) taong gulang pataas sa komunidad na bihasa sa paggamit ng wika at alam ang mga bokabularyong salita dahil sa kanilang edad at karanasan sa paggamit ng kanilang sariling wika. Kukuha ng tigdadalawa o higit pa na mga impormante sa bawat piling barangay ng Tandag. Upang sapat na masagotan ang mga layunin sa pag-aaral. Sa bayan ng Marihatag, San Agustin at Lianga ay kukuha din ng tigdadalawa o higit pa na impormante batay sa napiling barangay ng mananaliksik. Ito ay aangkop sa layunin ng pag-aaral na may kabuuang bilang na 20 impormante sa apat na munisipalidad ng Surigao del Sur. Ayon kay [5] Nikolopoulou (2023), ang purposive sampling ay kung saan ang pamamaraang ito ay umaasa sa pagpapasya ng mananaliksik sa pagkilala at pagpili ng mga indibidwal, kaso, o pangyayari na maaaring magbigay ng pinakamahasag na impormasyon upang makamit ang mga layunin ng pag-aaral. Kaya gumamit ng purposive sampling ang mananaliksik upang matiyak na may sapat na kaalaman at karanasan ang mga kalahok. Hindi binasehan ang kasarian basta't sila ay mga lihitimong naninirahan sa mga barangay ng Lungsod ng Tandag at Marihatag, Surigao del Sur.

### 2.3 Instrumentong Ginamit sa Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay hango sa mga pasindila ng mga impormante sa pamamagitan ng pakikipanayam. Ginamit ng mananaliksik ay mula sa talatanungan nina [6] Ragas at Galia (2022) sapagkat ito ay akma at nagkaroon ng balidasyon. Ang pananaliksik na ito ay upang makalikom ng mga leksikong salita ng Tandaganon at Kamayo. Pinili ang paraang ito dahil ang pangunahing hangarin ng mananaliksik ay makuha ang datos ng mga salita batay sa kanilang pamumuhay sa pagkakaiba at pagkakapareha ng mga

salita. Sa hangaring makuha ang diwa ng mga salita, gumamit ang mananaliksik ng video recorder upang mairekord ang mga salita batay sa pagkakaiba ng pagbigkas ng mga salita. Papakinggan muli ng mananaliksik at ilalapat sa papel. Ipapakita ang mga nalikom na mga terminolohiya sa pamumuhay batay sa pangngisda, pagsasaka, pagpapanday at pamamasada. Upang makita nito ang mga iba't ibang katawagan sa dalawang wikang pinagbabatayan.

### 3.Resulta ng Pag-aaral

Sa bahaging ito matutunghayan ang mga presentasyon at interpretasyon na mga katawagan sa pamumuhay na nakalap at nalikom na mga datos mula sa mga impormante batay sa isinagawang pakikipanayam.

#### Talahanayan 1.1.1: Ang mga leksikong kultural ng wikang Tandaganon at kamayo ng pamumuhay batay sa Pangngisda

Tandaganon	Kamayo	Kahulugan sa Wikang Filipino
kapay	yapak	ginagamit sa paglangoy.
mananagat	mansikpaway	tawag sa tao na mangisngisda.
pansikpaw	pansikpaway	ito ay gamit ng tao sa panghuhuli ng mga isda.
kati	kati	ito ay ginagamit na pain para sa pusit.
managaay	manapyaway	tawag sa taong naglagay ng pain para sa mga isda.
sudsod	sudsod	ito ay lambat na ginagamit para panghuli ng pasayan.
manudsod	manudsud	tawag sa tao na nanghuli ng pasayan gamit ang lambat.
palangre	palangri	ito ay pain na pinalilibutan ng bingwit.
bantak	sapyaw	ito ay bitag na ginagamit panghuli ng hipon.
taan	pag-uma	kahoy na may butas na pinapatong sa may semento na ginagamit sa panghuli ng hipon.
baling	baling	isang net na ginagamit panghuli ng maliit at malalaking isda.
bubo	bubu	ito ay hugis kwadrado na binalot sa lambat.
petromak	suga	mala-lampara na nagsisilbing ilaw ng mga mangngisda sa gabi o madaling araw.
laya	sahid	isang uri ng lambat na ginagamit sa panghuli ng maliliit na isda.
bantak	timing	dito pumapasok ang mga isda at isa rin itong uri ng pain.

sapang	sarapang	klase ng sibat na matulis ang dulo na ginagamit para panghuli ng malalaking isda.
batang	batang	kahoy na makikita sa dagat.
moutok	languyon	sumisid
naylon	naylon	nylon
pukot	pukot	lambat
crystalet	crystalet	ginagamit para sa panluke sa mga isda.
pasig	pasig	tirahan ng mga isda.
namasol	yamingwit	nanghuli ng mga isda.
pambot	pambot	bangkang di makina.
baroto	baroto	bangka
manglawod	mamatang	pumalaot
ganso	ganso	ito ay malaking taga na ginagamit para pang-angat ng malalaking isda.
payaw	payaw	isang uri ng pain na lumulutang sa dagat.
baybay	higad	tawag sa gilid ng dagat.
sensor	sensor	isa itong stainless na ginagamit para hindi magkabuhol ang nylon.
bugsay	bugsay	sagwan
antipara	antipara	antipara
pana	pana	pana
basnig	kantir	malaking bangka
boronan	boronan	ito ay gamit na lalagyan ng nylon.
tayodan	tubli	ito ay ginagamit para pang lason ng isda.
mano	mano	nangingisda sa gabi
manggumo	mansikop	paraan ng pangngisda na mano-mano o manual gamit ang kamay.
pukot	manlaya	paraan ng pangngisda na gamit ang net.
gakit	gakit	ito ay gawa sa kawayan o kahoy na pinapatungan ng bangka.
mangdahek	manugatay	tawag sa tao na nanghihingi ng isda.
banyera	bugyas	tawag sa lalagyan ng mga nahuling isda.
donggoanan	donggoanan	daungan ng mga bangka.
aplaya	tibuanan	lugar kung saan dinadala ang mga isda mula sa ibang lugar.
tagtag	ikagtang	tawag sa paghulog ng lambat sa dagat.
pintol	sapyaw	kasangkapan na yari sa kawayan na ginagamit panghuli ng hipon at alimango.
tonton	magtibaw	aksyon ng pagkuha ng lambat mula sa pagkahagis.
paglabak	pag-itsa	paghagis ng lambat

wiris	mangbawu	ginagamit ito para pandaya sa pusit.
taob	taab	pagtaas ng tubig sa dagat

Sa talahanayan 1.1.1 makikita ang mga leksikong kultural na katawagan ng wikang tandaganon at kamayo batay sa pangingsda na siyang nalikom ng mananaliksik na makita ang pagkakaiba at pagkakapareha ng dalawang wikang pinag-aralan. Napag-alaman ng mananaliksik na marami ang pagkakaiba na mga salita kaysa sa pagkakatulad na siyang ginagamit ng mga mangingsda. Mayroong dalawamput anim ang pagkakaiba ng mga salita. Sa pagkakatulad naman ay mayroong dalawamput-apat na mga salita ang magkakatulad, pero iba ang pagbaybay nito. Sa kabuuan may bilang na limampu na nalikom ng mananaliksik.

Ang talaang ito ay isang makabuluhang pagsasama-sama ng mga katutubong salita na may masining na ugnayan ng mga katutubo sa karagatan mula sa mga kagamitan tulad ng pansikpaw, palangre, sudsod, at pukot, hanggang sa mga pamamaraan gaya ng paglabak, tagtag, at tonton. Hindi lang basta pangingsda ang isinasabuhay ng mga salitang ito. Kundi ito ay salamin ng isang kultura na nakaugat sa kalikasan at kabuhayan. Ang bawat salita ay may kasaysayan at gamit sa araw-araw na buhay ng mga mangingsda, na nagbibigay daan sa mas malalim na pag-unawa sa kanilang mundo. Bukod sa mga kasangkapan, mahalaga rin ang pagkilala sa papel ng tao sa prosesong ito. Ang mga terminong gaya ng manangat, managaay, manudsod, manggumo, at manlaya ay tumutukoy sa mga tiyak na gawain ng mga tao sa paligid ng dagat bawat isa ay may gampaning mahalaga sa pagkuha ng ani ng karagatan. Ipinapakita ng talaang ito na ang pangingsda ay hindi lang trabaho, kundi isang sining at agham na minana at isinasalin sa bawat henerasyon.

Ito ay umaalinsunod ayon sa pag-aaral na nakuha ng mananaliksik sa pagkakaiba ng wika ni [4] Mata (2021) na ang bawat wikaing ginagamit ng mga pangkat ng taong naninirahan sa Surigao Del Sur ay may iba't ibang tawag sa wikaing ginamit. Ang ganitong obserbasyon ay nagpapakita ng lingguwistikong pagkakaiba-iba sa rehiyon, na maaaring iugnay sa leksikong kultural ng mga wikang tulad ng Tandaganon at Kamayo. Ang mga wikaing ito ay hindi lamang nagkakaiba sa mga katawagan kundi pati na rin sa mga gamit at kahulugan ng mga salita, na nakaugat sa lokal na kultura, kasaysayan, at pang-araw-araw na buhay ng mga tagapagsalita nito. Kaya mahalaga na magkaroon ng sapat na kaalaman sa mga wika upang mas mapalawak ang kamalayan ng mga tao sa paggamit nito.

Pareho ang pagbigkas ng mga salita pero mayroong pagdadagdag ng mga letra ayon sa mga iba't ibang lugar na katawagan nito. Sa huli, ang ganitong talaan ay mahalaga hindi lamang bilang sanggunian sa pagsasalin ng wika, kundi bilang tagapangalaga ng kultura at kaalaman ng mga pamayanang baybaying-dagat. Sa pamamagitan ng dokumentasyong ito, nabibigyan ng boses ang mga katutubong wika, kasanayan, at karanasan mga elementong madalas na napapabaya sa mas modernong konteksto ng lipunan. Makatutulong ito sa edukasyon, pagsasaliksik, at pangangalaga ng pambansang identidad.

**Talahanayan 1.1.2: Ang mga leksikong kultural ng wikang Tandaganon at kamayo ng pamumuhay batay sa Pagsasaka**

Tandaganon	Kamayo	Kahulugan sa Wikang Filipino
mamunot	mamunot	paghugot o paghila ng isang bagay mula sa pinagtutubuan o pinanggalingan nito.
daypak	sipsip	bagay sa pagkuha ng mga damo.

hambas	garas	malakas na pagbugso o pagbatak ng mga damo.
mananom	ungod	ito ay tumutukoy sa pagtanim ng mga halaman, punla, buto, gulay, o anumang uri ng pananim.
kutlo	kutlo	pumitas
hag-ut	hag-uk	tumutukoy sa paghila ng isang bagay nang may lakas o diin.
maghaling	magharing	ito ay tumutukoy sa pagsindi o pagsimula ng apoy, kadalasang ginagawa sa kalan, lutuan, o panggatong (kahoy, uling, atbp.),lalo na sa tradisyunal na pagluluto.
manuksi	manuksi	pagkuha ng palwa sa abaca
birada	birada	paghila
abono	abono	isang bagay na ginagamit sa mga halaman upang mapabuti ang paglago nito. Karaniwang ito ay kemikal o organikong materyal tulad ng dumi ng hayop, compost, o fertilizer.
mangibot	mangibot	pagkuha ng palay
basakan	basakan	palayan
tapa	tapa	pagluto ng mga niyog
samad	samad	tumutukoy sa isang pinsala o sugat sa katawan na karaniwang dulot ng pagkakasugat, pagkakabasag, o pagkakalusot ng matalim na bagay sa balat.
kupras	kupras	kopra
utanon	duma	ay tumutukoy sa mga pananim na gulay
sundang	sundang	Itak
galab	garab	isang uri ng bagay na ginagamit pagkuha ng palay.
lagaraw	lagaraw	sibat
bangkil	bukag	ginamit bilang lalagyan ng mga gulay o kahit anong bagay na parang isang basket.
bara	bara	ginagamit sa pagbubungkal ng lupa.

lugitan	pangluhitay	ginagamit sa pagkopra.
hatsa	hatsa	hatsa
piko	piko	ginagamit din sa pagbubungkal.
yugo	yugo	isang bagay ginagamit ng mga kalabaw sa pagpapasan.
balsahan	balsahan	pagkarga
treser	lagpusan	isang uri na di-makinang bagay sa pag-aani ng palay.
yapuwas	yabigtas	natanggal
kabaw	kabaw	kalabaw
naglusong	yaglusong	bumaba
subida	tukad	pataas
kagdan	kagudan	ginagamit sa pagkidkid ng niyog.
patumsan	tubuan	binhi ng niyog
manglasik	manglasik	nangunguha ng mga nahulog na niyog.
pawod	pawud	tumutukoy sa punong nipa o dahon ng nipa, na karaniwang ginagamit sa paggawa ng mga bahay kubo, bubong, at iba pang mga gawain.
pahumay	pahumay	pagpapautang ng mga naaning palay.
similya	similia	binhi
udok	udok	pagtanim ng palay sa bundok.
manggilawan	manginot/manghagdaw	pamumulot ng mga natirang ani ng palay.
manawling	manubing	pag-aani sa ikalawang tubo ng palay.
magiok	magsiok	proseso sa pagtanggap ng mga palay gamit ang paa.
manglimas	maglimas	pagkuha ng tubig
manganop	manganop	nangunguha ng mga alpas na hayop.
mangate	mangate	nangunguha ng mga ibon.
baay	baay	isang uri ng pagkain sa bukid na matinik.
bayo	bayo	ay tumutukoy sa proseso ng pagpalo o pagtama sa isang bagay, karaniwang ginagawa ito sa mga butil ng palay gamit.
danakit	nunok	isang uri ng kahoy na malaki.



manghawol	hawol	kargador
bardawon	bardawon	pagtumba ng kahoy.
laon	udlot	talbos ng kamoteng kahoy.
kaboung	putyokan	bubuyog
hamtik	hamantik	mga malalaking langgam na nakatira sa bukid.
utitod	utitod	mga maliliit na langgam.
adlip	adlip	panghiwa ng isang pagkain.
ubod	ubod	ang pinakagitna o pinakapuso ng halaman.
batod	batud	isang uod na nakukuha sa mga patay na kahoy.
salingsing	alindahaw	pagtubo ng isang halaman.
mamako	mamakohay	taong nangunguha ng gulay na pako.
mandabong	mandabong	taong nangunguha ng sanga o puso ng kawayan.
mamusoay	mamusoay	taong nangunguha ng puso ng saging.
mamintik	manlastiko	taong naninirador ng mga ibon.
manlit-ag	manghut-o	naglagay ng pain.
magbuwad	magbuwad	pagbibilad ng mga pananim tulad ng palay.
magduk	magdurok	pagtipon ng mga damo.
salisi	salisi	pagkuha ng mga damo sa bukid.
mangutlo	mangitbuwo	pagkuha ng mga talbos na gulay.
pilapil	pilapil	pagsesemento ng palayan.
magtabas	maggabas	pagtabas ng isang bagay upang hatiin o pinuhin ito.
bakilid	bakilid	tumutukoy sa matarik o paahong bahagi ng lupa tulad ng gilid ng bundok, burol, o matarik na daanan.

Sa talahanayan 1.1.2 matutunghayan ang mga leksikong kultural na katawagan ng wikang tandaganon at kamayo batay sa pagsasaka na siyang nalikom ng mananaliksik na makita ang pagkakaiba at pagkakatulad ng dalawang wikang pinag-aralan. Napag-alaman ng mananaliksik na marami ang pagkakatulad na mga salita kaysa sa pagkakaiba na siyang ginagamit ng mga magsasaka. Mayroong tatlumput walo ang pagkakatulad ng mga salita. Sa pagkakaiba naman ay mayroong dalawamput- siyam na mga salita. Sa kabuuang bilang ay mayroong animnaput pito na nalikom ng mananaliksik.

Ang talaang ito ay isang makapangyarihang patunay sa mayamang kaalaman ng mga pamayanang agrikultural sa Mindanao, partikular sa mga nagsasalita ng Tandaganon at Kamayo. Ipinapakita nito ang

malalim na ugnayan ng wika, kalikasan, at kabuhayan. Halos bawat salita ay hindi lamang tumutukoy sa isang bagay o kilos, kundi sa isang pamumuhay isang tradisyonal at mapagpakumbabang uri ng pamumuhay na umiikot sa pagtanim, pag-aani, pag-aalaga ng lupa, at pagsasaka. Mula sa simpleng kutlo (pumitas) at hag-ut (paghila), hanggang sa mas kumplikadong proseso tulad ng manawling (pag-aani ng ikalawang tubo ng palay) o maggabas (pagtabas), malinaw na ang wika ay ginagamit hindi lang bilang pantukoy, kundi bilang tagapagmana ng kasanayang ninuno.

Hindi lamang mga kasangkapan o gawain ang laman ng talaanito rin ay pumapansin sa mga taong may tiyak na tungkulin sa komunidad. Ang mamintik ay hindi lang basta manghuhuli ng ibon; siya ay bahagi ng isang masalimuot na ekosistemang agrikultural. Gayundin, ang mamusoay, mandabong, at mamako ay mga katawagang hindi karaniwang maririnig sa lungsod, ngunit mahalaga sa bukid. Ang presensya ng mga salitang ito ay nagpapatunay na sa bawat pag-ikot ng araw sa bukid, may ginagampanang papel ang bawat isa mula sa paghahanda ng lupa hanggang sa pag-aani at pag-iimbak ng ani.

Sa pag-aaral ni [2] Cordovilla (2018), maraming baryasyon ang wika na ginamit ng iba't ibang napapaloob sa lipunan. Ang wika ay sadyang malikhain, binubuo ito ng mga salitang may natatanging kahulugan at sandata sa lipunan na kanyang ginagalawan. Ibig sabihin ang baryasyong nabubuo sa wika ng dalawang pangkat ay resulta ng pakikisalamuha sa kapaligiran, kabuhayan, at paniniwala, at nagpapakita ng pagiging malikhain sa paglalarawan ng kanilang mundo.

Ang ganitong dokumentasyon ay mahalaga hindi lamang bilang lingguwistikong tala, kundi bilang kultural na yaman. Sa mundo ng modernisasyon, unti-unti nang nawawala ang mga salitang ito sa karaniwang usapan. Sa pamamagitan ng pagdodokumento ng mga ito, hindi lang pinapanatili ang wika pinapalalim din ang pag-unawa at pagmamalasakit sa mga taong patuloy na umaasa sa lupa't kalikasan para mabuhay. Ang ganitong pagkilala ay nagbibigay-halaga sa di-nakikitang anyo ng katalinuhan at kahusayan ng mga katutubong Pilipino.

**Talahanayan 1.1.3: Ang mga leksikong kultural ng wikang Tandaganon at kamayo ng pamumuhay batay sa Pagpapanday**

Tandaganon	Kamayo	Kahulugan sa Wikang Filipino
latayan	damba	karaniwang tumutukoy sa isang bagay na tinutuntungan o tinatawiran
pasomanos		hawakanan ng hagdanan
dokdok	dokdok	pagpopokpok
gabas	sirotsa	lagari
martelyo	martelyo	martilyo o bagay na pamukpok
langsang	lansang	pako
eskuwala	eskuwala	ginagamit pangsukat sa bawat anggulo
palita	palita	ginagamit ito pampakinis sa pader
tonton	tonton	ginagamit ito sa pagpantay
tigib	tigib	ginagamit ito pang-ukit
libel	libel	isang kasangkapang ginagamit upang masigurong pantay ang pagkakagawa ng isang bagay

scale tip	scale tip	Ito ay ang pagtimbang ng bigat ng isang bagay sa isang sukatan.
libel hose	libel hose	isang transparent na hose na ginagamit para sa pantayang sukatan sa pagitan ng dalawang punto, lalo na sa paggawa ng kisame o pader.
nadabas	nadabas	
tabla	tabla	kahoy na ginamit sa konstruksyon, karaniwan ay patag at parisukat o rektanggulo ang hugis. Ginagamit sa sahig, dingding, o pansamantalang balangkas.
dos por dos	dos por dos	isang sukat ng kahoy na 2x2 pulgada, ginagamit sa paggawa ng mga balangkas o suporta ng kisame o dingding.
playwod	playwod	isang uri ng manipis at pinagdikit-dikit na kahoy, ginagamit sa paggawa ng kisame, dingding, o muwebles.
kisami	kisami	tumutukoy sa ceiling o ang takip sa itaas na bahagi ng loob ng bahay.
dingding	dingding	“Pader” sa loob o labas ng isang bahay o gusali. Maaaring gawa sa kahoy, playwod, hollow blocks, at iba pa.
haligi	haligi	nagsisilbing haligi ng buong estruktura para ito’y matibay at tumayo nang maayos.
semento	semento	pulbos na materyales na hinaluan ng tubig at buhangin upang gawing matigas na konkreto, ginagamit sa paggawa ng sahig, pader, at iba pa.
rihas	rihas	karaniwang tumutukoy sa rehas o <i>grills</i> , maaaring bakal o kahoy na ginagawang harang o proteksyon sa bintana, hagdan, o kulungan.

Sa talahanayan 1.1.3 makikita ang mga leksikong kultural na katawagan ng wikang tandaganon at kamayo batay sa pagpapanday. Ang talaan ng mga salitang ito ay nagpapakita ng yaman ng bokabularyo sa larangan ng konstruksyon sa lokal na wika. Mula sa mga pangunahing kasangkapan tulad ng martelyo, gabas, at palita, hanggang sa mga materyales gaya ng tabla, dos por dos, at semento, malinaw na bawat isa sa kanila ay may tiyak na gampanin sa pagbuo ng isang matibay at maayos na estruktura. Ang mga salitang gaya ng libel, eskuwala, at libel hose ay nagpapakita rin ng pagiging teknikal ng sining ng

paggawa hindi lang ito basta lakas, kundi sining at sukat din. Hindi rin maikakaila ang papel ng mga bahagi ng bahay na binanggit tulad ng kisami, dingding, at haligi mga pundasyong bahagi ng isang tahanan. Ang rihas, bilang proteksyon, ay nagpapahiwatig ng seguridad at kaayusan. Ang bawat salitang ito, maging ang tila karaniwan tulad ng dokdok o tonton, ay may kasaysayan at gamit na humuhubog sa araw-araw na buhay ng mga manggagawa. Sa kabuuan, makikita na ang wika ng paggawa ay hindi lamang teknikal, kundi isang salamin din ng kultura, kasanayan, at sipag ng sambayanang Pilipino.

**Talahanayan 1.1.4: Ang mga leksikong kultural ng wikang Tandaganon at kamayo ng pamumuhay batay sa Pamamasada**

Tandaganon	Kamayo	Kahulugan sa Wikang Filipino
yabi	yabi	susi
side car	side car	isang uri ng sasakyang de-padyak o minsan ay nakakabit sa motorsiklo, ginagamit sa pag-angkas ng mga pasahero o kargamento.
dyep	dyip	isang pinaikling anyo ng “jeep” o “jeepney,” isang pampasaherong sasakyan
pamasahero	pamasahero	tumutukoy sa isang taong sumasakay sa pampublikong sasakyan at nagbabayad ng pamasaha.
biyahe	biyahe	tumukoy sa isang rutang tinatahak ng pampasaherong sasakyan.
magkarga	magkarga	tumukoy sa paglalagay ng kargamento o pasahero sa sasakyan.
ligid	ligid	bahagi ito ng sasakyan na umiikot at siyang nakalapat sa kalsada.
bao-bao	bao-bao	isang maliit na sasakyang may tatlong gulong, kadalasang ginagamit bilang tricycle sa ilang probinsya. Ang pangalan ay mula sa tunog o hugis nito, na parang bao ng pagong.
multikab	multikab	Isang uri ng maliit na sasakyan, parang mini-truck o maliit na jeep, na ginagamit sa mga barangay bilang pampasaherong sasakyan o pangkarga.
yantas	yantas	tumutukoy ito sa gulong ng sasakyan o makinang may umiikot na bahagi

Sa talahanayan 1.1.4 makikita ang mga leksikong kultural na katawagan ng wikang tandaganon at kamayo batay sa pamamasada na pareho ang mga terminolohiyang ginamit sa dalawang wikang pinagbabatayan. Sapagkat, malimit lamang ang mga naghahanapbuhay ng pamamasada at dahil na rin sa edad nito. Ang mga salitang ito ay dapat pahalagahan bilang bahagi ng wika at kultura. Sa mga wikang rehiyonal gaya ng Tandaganon at Kamayo, nananatiling buhay ang mga salitang may kaugnayan sa lokal na transportasyon, na siyang bumubuo sa araw-araw na karanasan ng mga tao. Ang paggamit at pangangalaga sa mga salitang ito ay hindi lamang pagsalin ng kahulugan, kundi pagkilala sa kasaysayan, kabuhayan, at kabuuang pagkakakilanlan ng mga mamamayan. Sa pagbibigay-halaga sa mga salitang ito, napapalalim natin ang ating pag-unawa sa panlipunang papel ng wika at kung paano ito nagsisilbing tulay sa pagitan ng tao, lipunan, at kultura.

## 4. Konklusyon at Rekomendasyon

### 4.1 Konklusyon

Natuklasan sa pag-aaral na higit na mas marami ang pagkakatulad sa mga terminolohiyang ginagamit ng mga nagsasalita ng Tandaganon at Kamayo, partikular sa mga larangan ng pangingsda, pagsasaka, pagpapanday, at pamamasada. Gayunpaman, maraming pagkakatulad, napansin din na may mga pagkakaibang katawagan o salita na ginagamit sa dalawang wika kahit pareho ang kahulugan at konteksto sa kanilang araw-araw na pamumuhay. Ipinapakita nito na ang wikang ginagamit ng isang komunidad ay maaaring umunlad nang iba-iba batay sa heograpikal na lokasyon, karanasan, at ugnayan ng mga tao. Ang mga salik tulad ng distansya, lokal na kultura, at limitadong interaksyon ng mga komunidad ang nagiging dahilan ng pag-usbong ng mga pagkakaibang ito sa kabila ng pagkakaroon ng iisang lalawigan o rehiyong pinagmulan.

Napatunayan ng pananaliksik na ang wikang sinasalita ng isang grupo ay hindi lamang simpleng midyum ng komunikasyon kundi isang buhay na repleksyon ng kanilang identidad, kultura, at pamumuhay. Samakatuwid, mahalagang pagtuunan ng pansin ang dokumentasyon, pag-aaral, at pagpapahalaga sa mga katutubong wika gaya ng Tandaganon at Kamayo. Ang ganitong mga wika ay nagtataglay ng yaman ng kaalaman, kasaysayan, at pananaw na hindi matatagpuan sa mga dominanteng wika. Sa pamamagitan ng pagpapaigting ng mga pag-aaral at pananaliksik, mabibigyang halaga ang kahalagahan ng mga wika bilang pundasyon ng pagkakakilanlan ng bawat pamayanan at ng kabuuang pambansang kultura.

### 4.2 Rekomendasyon

Batay sa paliwanag at resulta ng ng pag-aaral, narito ang mga mga sumusunod na rekomendasyon:

1. **Palawakin pa ang pag-aaral sa iba pang larangan ng pamumuhay.** Hindi lamang limitado sa pangingsda, pagsasaka, pagpapanday, at pamamasada; maaaring isama ang iba pang aspeto tulad ng musika, paniniwala, medisina, at iba pang tradisyon upang mas malawak na maitala ang leksikong kultural ng Tandaganon at Kamayo.
2. **Iintegrasyon sa mga lokal na wika sa edukasyon.** Hikayatin ang paggamit at pagtuturo ng Tandaganon at Kamayo sa mga paaralan, lalo na sa mga lugar kung saan ito pangunahing sinasalita, bilang bahagi ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) program.
3. **Pag-aralan ang epekto ng modernisasyon sa pagbabago ng wika.** Suriin kung paano naapektuhan ng teknolohiya, migrasyon, at globalisasyon ang paggamit at pagbabago ng mga terminolohiya sa mga wika ng Tandaganon at Kamayo.
4. **Itaguyod ang mga seminar, workshop, at pagsasanay tungkol sa wika at kultura.** Magdaos ng mga aktibidad na magpapalalim sa kaalaman ng mga kabataan tungkol sa kahalagahan ng kanilang

katutubong wika at identidad.

5. **Supportahan ang mga programa para sa preserbasyon ng katutubong wika.** Maghanap ng pondo o suporta mula sa pamahalaan at mga pribadong organisasyon para sa mga proyekto sa dokumentasyon at promosyon ng lokal na wika.

### Mga Sanggunian

1. Augusto Jr. W.S., “Leksikong Kultural ng Tagalog at Sinugbuanon: Isang Analisis”. *malay* 31 (1) 2019, pp. 111-120.
2. Cordovilla “Barayti at Baryasyon ng Wika” <https://www.scribd.com/document/540022873/modyul-1-2-barayti-at-baryasyon-ng-wika>
3. Lewis M., “The lexical approach: the state of elt and a way forward”, London: Commercial Colour Press, 1993
4. Mata J., “Pagkakaiba-iba ng katawagan sa mga wikaing ginagamit ng mga pangkat etnolingguwistiko sa Surigao del Sur.” (Unpublished)
5. Nikolopoulou K. “Purposive Sampling”. <https://www.scribbr.com/methodology/purposive-sampling/>
6. Galia R., Ragas G., “Pagsulti ug Pagsuwat: Paghimay-himay sa mga Varyasyon sa mga Piling Wika ng Surigao del Sur” (Unpublished)
7. Samarca A.Y., “Morpholohikal na Pagsusuri ng mga Salitang Surigaonon-Cantilan sa Surigao del Sur”, *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, July 2023, pp. 123-134
8. Sapir, E., “The Status of Linguistics as a Science”, *Language*, 1929, 5(4), 207–214.
9. Shiniya N.A., “Descriptive Research Design” [https://www.researchgate.net/publication/380104452\\_descriptive\\_research\\_design](https://www.researchgate.net/publication/380104452_descriptive_research_design)